

Unibersidad ng Pilipinas
Kolehiyo ng Sosyal-Sayans at Pilosopiya

DEPARTAMENTO NG LINGGWISTIKS

Ang Programang M.A. sa Linggwistiks

Bilang karagdagan sa mga rekwayrment na nasa Pangkalahatang Tuntuning sumasakop sa Program ng Master's Digri, kailangan ding mapunuan ang mga sumusunod:

Admisyon

Ang isang aplikante ay dapat magkaroon ng *average* na gradong 2.5 o mas mataas sa kanyang *bachelor's* digri. Kinakailangan ding mainterbyu siya ng Komite ng Gradweyt Program ng departamento.

Kung wala siyang digring *Bachelor's* sa Linggwistiks ay kinakailangang kumuha siya ng Linggwistiks 201 at magkaroon ng gradong 1.5 dito o mas mataas pa.

Ang mga estudyanteng dayuhan na hindi Ingles and wikang sarili ay kinakailangang kumuha ng eksameng propisyensi sa Ingles o Filipino na ibinibigay ng tamang awtoridad o magpakita ng sertipikasyong TOEFL ng kanyang propisyensi.

Programang Pag-aaral

Pagkatanggap sa kanya, maghahanda ang estudyante ng isang tentatibong program ng pag-aaral sa pakikipagkonsulta sa Komite ng Gradweyt Program ng departamento, na maaari niyang rebisahin ng hindi lalampas sa katapusan ng ikalawang semester, sa pakikipagkonsulta niya sa napili niyang adbayer mula sa fakulti ng departamento.

Sinusunod ng departamento ang planong Tesis at ang kailangang 33 akademik na yunit.

Lahat ng estudyante ay kailangan kumuha ng kor na korses at ipasa ang mga ito ng may kabuuang gradong *average* na 1.75 o mas mataas dito. Ang isang estudyanteng hindi makaabot dito ay kailangang kumuha ng mga karagdagang korses na hindi sosobra sa 6 na yunit hanggang maabot niya ang *average*.

Bukod sa 27 na yunit ng kor na korses, kailangang kumuha ang estudyante ng 6 na karagdagang yunit na pinili mula sa listahan ng mga korses sa ibaba, kasama ang Linggwistiks 299 (Seminar ng Linggwistiks) at mag-enrol sa Linggwistiks 300 (Tesis ng Master's). Ang kabuuang bilang ng yunit na kailangan, kasama na ang Tesis ay 39 na yunit.

Mga Korses

Mga Kor Korses		Yunit
Linggwistiks 204	Ponoloji	3
Linggwistiks 206	Analisis na Gramatikal I	3
Linggwistiks 207	Analisis na Gramatikal II	3
Linggwistiks 213	Dayakronik na Linggwistiks	3
Linggwistiks 225	Mga Panfild na Metod sa Linggwistiks	3
Linggwistiks 245	Leksikografi	3
Lingg ng Pilipinas 280	Istruktura ng Isang Wika sa Pilipinas	3
Lingg ng Pilipinas 285	Istruktural na Pagkokompara ng mga Wika sa Pilipinas	3
Linggwistiks 299	Seminar sa Linggwistiks	<u>3</u>
		27
 *Mga Kogneyt Korses		
Linggwistiks 214	Proto-Pilipinas at Proto-Austronesyan	3
Linggwistiks 230	Mga Gramatikal na Teorya	3
Linggwistiks 240	Semantiks	3
Linggwistiks 241	Linggwistiks at Pagsasalin	3
Lingg ng Pilipinas 271	Linggwistiks at Foklor	3
Linggwistiks 250	Sosyolinggwistiks	3
Linggwistiks 260	Saykolinggwistiks	3
Linggwistiks 270	Etnolinggwistiks	3
Linggwistiks 290	Mga <i>Trend</i> sa Pag-aaral ng Linggwistiks	3
Tesis:		
Linggwistiks 300	Tesis na Pangmaster	6

Kailangang Wikang Pangreserts

Kailangang ipasa ng estudyante and isang eksamen sa pagbasa ng mga materyales na linggwistiks na sinulat sa wikang pangreserts, pagkatapos ng isang semester ng pag-aaral na *full-time*. Isang sertipikasyong nagpapatunay nito ang kailangang ipakita bago **payagang makarehistro ang estudyante sa susunod na semester. Ang 'wikang pagreserts'** ang wikang magagamit niya sa kanyang pangreserts kaugnay ng kanyang pag-aaral. Ang wikang ito ay maaaring alinmang wika maliban sa Ingles, Filipino, o wikang sarili ng estudyante.

Kolokyum

Kailangang ipaalam ng estudyante and resulta ng reserts niya para sa tesis sa isang sesyon ng Linggwistiks 299 o sa isang gradweyt seminar kung saan hindi kukulangin sa kalahati ng fakulti ng departamento ang dumalo.

* Pwedeng mamili ng (2) dalawang kogneyt korses (6 na yunit) na nakalista dito o sa alinmang kaugnay na disiplin.